



# Rehiyonal na visa

## Pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19

Kahit pa wala kang visa, o hindi sigurado sa katayuan ng visa, kailangan mong sumunod sa mga tagubilin ng pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang gobyerno ng mga estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19.

- [Kabiserang Teritoryo ng Australia](#)
- [New South Wales](#)
- [Hilagang Teritoryo](#)
- [Queensland](#)
- [Timog Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Kanluraning Australia](#)

## Mayroon akong Dalubhasang Rehiyonal (Probisyonal) na visa (subclass 489, 491 at 494)

Mga pansamantalang visa ang mga visa na ito, na maaaring maging daan para maging permanenteng residente, para sa mga may kasanayang manggagawa na gustong manirahan at magtrabaho sa rehiyonal na Australia.

Sinusuportahan ng ganitong mga visa ang mga rehiyonal na komunidad at negosyo para ma-akses ang mga may kasanayang migrante para tulungan ang mga rehiyonal na ekonomiya, at hikayatin ang mga migrant at kanilang mga pamilya na manirahan sa mga rehiyonal na komunidad.

### Mga may-ari ng visa na nakararanas ng mga pinansyal na paghihirap

Kung hindi mo kayang suportahan ang sarili mo, dapat kang mag-ayos ng pag-uwi.

Kung hindi mo matugunan ang iyong mga kagyat na gastusin sa pamumuhay, maaari kang maka-akses sa hanggang \$10,000 ng iyong Australian superannuation nang walang buwis sa pinansyal na taong 2019-20.

Sumangguni sa [webpage ng Opisina ng Pagbubuwis sa Australia sa maagang pag-akses sa superannuation](#)